



Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City



Agosto 7, 2017

PANSANGAY NA MEMORANDUM

Blg. 509 s. 2017

2017 PANSANGAY NA PISTA NG WIKA

**Para sa : Assistant Superintendents
CID/SGOD Chiefs
Education Program Supervisors/Coordinators
Public Schools District Supervisors
Elementary and Secondary Public School Heads**

1. Nais ipaalam ng Tanggapang ito na gaganapin ang **2017 Pansangay na Pista ng Wika** sa **Agosto 22, 2017** sa **Sibonga Central School**, Sibonga, Cebu para sa elementarya at sa **Agosto 24, 2017** sa **Consolacion National High School**, Consolacion, Cebu naman para sa sekundarya.

2. Ang mga layunin ng gawaing ito ay ang mga susmusunod:

1. Mabigyan ng kahulugan ang pagdiriwang ng Pista ng Wika sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga patimpalak;
2. Malinang ang iba't-ibang kakayahan, talino, talento at galing ng mga mag-aaral sa Filipino;
3. Maipakita ang mga nalinang na kakayahan sa paraang pagsulat, pagbigkas o pananalita at pagguhit;
4. Makapili ng pinakamagaling na mag-aaral na kakatawan ng Dibisyon ng Cebu sa Rehiyonal na Tagisan.
5. Maipatupad ang layunin sa pagpapalaganap ng pambansang wika at pambansang pagkakilanlan.

3. Ang mga patimpalak ay:

Elementarya

- 1) Ang Tinig (Isahang Pag-awit)
- 2) Pagsulat ng Islogan
- 3) Paggawa ng Poster
- 4) Tagisan ng Talino

Sekundarya

- 1) Ang Tinig (Dalawahang Pag-aawit)
- 2) Pagsulat ng Islogan
- 3) Paggawa ng Poster
- 4) Dagliang Talumpati
- 5) Interpretatibong Pagbasa

4. Ang mga kalahok sa pansangay na patimpalak ay ang unang limang nanalo sa *Area Level* para sa sekundarya at bawat distrito naman para sa elementarya.

5. Ang *area level* na patimpalak ay gagawin sa mga sumusunod na napagkasunduang iskedyul at lugar:

Grupo	Lugar	Petsa
Northwest	Calape NHS, Daanbantayan	Agosto 22, 2017
Northeast	Liloan NHS, Liloan	Agosto 22, 2017
Southwest	Sta. Filomena, Alegria	Agosto 22, 2017
Southeast	Sibonga NHS, Sibonga	Agosto 17, 2017

6. May butaw na isang daan at dalawampu't limang piso (Php125.00) ang bawat kalahok sa sekondarya at limang daang piso (Php 500.00) naman sa bawat distrito na gugugulin para sa honorarya ng mga inampalan, sertipiko, medalya, tropeyo, dekorasyon, pagkain ng mga panauhin at iba pang gastusin na may kinalaman sa nasabing aktibitis/gawain na manggagaling sa SEF/PTA/Club/lokal na pundo na alinsunod sa patakaran na nakasaad sa mga regulasyon ng pagtutuos at pag-aawdit.

7. Kalakip sa Memorandum na ito ay ang mga Panuntunan at Pamantayan sa mga patimpalak para magiging gabay sa mga kinaukulan as *Inclosure #1* at mga ibat'ibang komite na siyang magtatrabaho as *Inclosure #2*.

8. Inaasahan ang pakikiisa at kooperasyon ng mga Distritong Tagapagmasid (PSDS), Punong Guro at mga Guro sa Filipino para makamit ang mga layunin sa pansangay na gawaing ito.

9. Ang Memorandum na ito ay magsisilbing "**Authority to Travel**" ng mga kalahok.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


RHEA MARIA ANGTUD, Ed.D., CESO VI
Schools Division Superintendent ✓

Telephone Numbers:

Schools Division Superintendent	(032)556405
Asst. Schools Division Superintendent	(032) 414-7457
Accounting Section	(032) 254-2632
Disbursing Section	(032) 255-4401
Admin/Legal	(032) 253-7847

Website: www.depedcebuprovince.com
E-mail Add: depedcebuprovince@yahoo.com

Enclosure # 1

PANSANGAY NA PISTA NG WIKA 2017

PATIMPALAK: ANG TINIG (Isahang Pag-awit) (Elementarya)

Panuntunan (Guidelines):

- 1) Ang paligsahang ito ay bukas sa ano mang antas ng elementarya (public o private) ng *Deped Cebu Province*;
- 2) Ang mga kalahok ay gagamit ng *minus one* at ibibigay sa komite bago magsimula ang patimpalak;
- 3) Ang kasuotan ng mga kalahok ay Filipiniana;
- 4) Magtitipon ang mga kalahok 30 minutos bago magsimula ang patimpalak;
- 5) Ang tagapayo ay kinakailangang dumalo sa gagawing *solidarity meeting*;
- 6) Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi maaring baguhin.

Pamantayan (Criteria)

a. Timbre	-	30%
b. Tiyempo	-	25%
c. Interpretasyon	-	20%
d. Kaliwanagan	-	15%
e. Pagtatanghal	-	<u>10%</u>
		100%

PATIMPALAK: ANG TINIG (Dalawahang Pag-Awit) (Sekundarya)

Panuntunan:

- 7) Ang paligsahang ito ay bukas sa ano mang antas ng sekundarya (public o private) ng *Deped Cebu Province*;
- 8) Ang mga kalahok ay gagamit ng *minus one* at ibibigay sa komite bago magsimula ang patimpalak;
- 9) Ang kasuotan ng mga kalahok ay Filipiniana;
- 10) Magtitipon ang mga kalahok 30 minutos bago magsimula ang patimpalak;
- 11) Ang tagapayo ay kinakailangang dumalo sa gagawing *solidarity meeting*;
- 12) Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi maaring baguhin.

Pamantayan (Criteria)

f. Timbre	-	30%
g. Tiyempo	-	25%
h. Interpretasyon	-	20%
i. Kaliwanagan	-	15%
j. Pagtatanghal	-	<u>10%</u>
		100%

PATIMPALAK: PAGSULAT NG ISLOGAN (Elementarya at Sekundarya)

Panuntunan:

1. Ang paligsahan ay bukas para sa lahat ng antas sa elementarya at sekundarya (public o private) ng *Division of Cebu Province*;
2. Binubuo ang islogan ng pito (7) hanggang walong (8) salita kasama na ang mga bantas;
3. Ang gagamitin ay kalahating (1/2) puting kartolina na may isang (1) pulgadang puwang sa paligid (margin);
4. Ang gagamitin sa pagsusulat ay pwedeng **My Gel Pen, Craypas, at Oil Pastel**;
5. Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang (1) oras sa pagsulat;
6. Ang kasuotan ng kalahok ay *school uniform*;
7. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

Pamantayan (*Criteria*)

a. Kaugnayan sa Tema	-	40%
b. Pagkamalikhain	-	30%
c. Kalinisan	-	20%
d. Orihinalidad	-	<u>10%</u>
		100%

PATIMPALAK: PAGGAWA NG POSTER (Elementarya at Sekundarya)

Panuntunan:

1. Ang paligsahan ay bukas para sa lahat ng mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya (*public o private*) ng *Division of Cebu Province*;
2. Isang (1) buong kartolina ang gagamitin ng kalahok at walang puwang sa paligid (*margin*);
3. Ang gagamitin sa pagguhit ay **Lapis, Craypas, Oil Pastel o Krayola** ;
4. Bibigyan ng dalawang (2) oras ang mga kalahok sa paggawa;
5. Ang kasuotan ng kalahok ay *school uniform*;
6. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

Pamantayan (*Criteria*)

a. Kaugnayan o kaangkupan sa Tema	-	40%
b. Pagkamalikhain	-	30%
c. Kalinisan/ Kabuuang dating	-	20%
d. Orihinalidad	-	<u>10%</u>
		100%

PATIMPALAK -**TAGISAN NG TALINO (Elementarya)****Panuntunan:**

1. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral na nasa ika-6 na baitang;
2. Ang mga tanong ay kukunin sa ika 5 baitang na aklat “Wika at Pagbasa”;
3. Ang bawat distrito ay magsumite ng tig- sasampung (10) tanong para sa madaling (*easy*) tanong, sampu (10) para sa karaniwan (*average*) at sampu (10) para sa mahirap (*difficult*) at *clinchers*;
4. Ang madali at karaniwang tanong ay may mga pagpipilian (*options*);
5. Ang mahirap at *clincher* ay pangangatwiran (*reasoning*)
6. Ang kasuotan ng mga kalahok ay *school uniform*.
7. Ang gagamiting papel para sa mga sagot ay isang pangkapat (1/4) size ng *long bond paper*.
8. Ang desisyon ng mga inampalan ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

Pamantayan:

- | | |
|--|--------------|
| a) Madali (<i>easy</i>) – 1 point | - 10 segundo |
| b) Karaniwan (<i>average</i>) – 3 points | - 15 segundo |
| c) Mahirap (<i>difficult</i>) – 5 points | - 1 minuto |
| d) Clincher – 5 points | - 1 minuto |

TAGISAN NG TALENTO**PATIMPALAK:****DAGLIANG TALUMPATI (Sekundarya)****Panuntunan:**

1. Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa *Senior High School*;
2. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan
3. Ang kalahok ay bibigyan ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto naman sa pagtatalumpati;
4. May kabawang puntos sa kabuuang iskor sa labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

1-30 segundo	- .5 puntos
31-60 segundo	- 1 puntos
61 –pataas	- 2 p-untos
5. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong (30) Segundo at bandilang pula naman kung tapos na ang itinakdang oras;
6. Ang kasuotan ng kalahok ay “*Corporate Attire*”
7. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

Pamantayan (*Criteria*)

a. Katapatan	- 35%	Kaugnayan sa paksa	– (20%)
		Pagbibigay-diin o damdamin	– (15%)
b. Hikayat	- 25%	Dating sa madla	– (5%)
		Kakanyahang Pangtanghalan	– (5%)
		Kilos, galaw, kumpas	– (10%)
		Ekspresyon sa mukha	– (5%)
c. Tinig	- 20%	Lakas	– (5%)
		Taginting	– (5%)
		Kaangkupan ng diwa at damdamin	– (10%)
d. Bigkas	- 20%	Matatas at maliwanag	– (10%)
		Wastong pagbubuklod ng salita	– (5%)
		Diin / Himig	– (5%)

PATIMPALAK: INTERPRETATIBONG PAGBASA (Sekundarya)

Panuntunan:

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral sa Junior High School (public o private).
2. Ang mga kalahok ay binubuo ng pangkat na may apat (4) na kasapi mula baitang 7, 8, 9 at 10;
3. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay na tagapayo/tagapagsanay;
4. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan;
5. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok;
6. Bibigyan ng sampung (10) minute ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon;
7. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda;
8. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung (10) minuto. Susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok;
9. Lahat ng kalahok ay mamalagi sa isang silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, ssamantalang ang susunod na kalahok ay mamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
10. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa;
11. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong “maong” at putting –shirt;
12. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung (10) minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok;
13. Walang anumang “props” o kagamitan, *background music* o instrument na dadalhin at gagamiting ng mga kalahok;
14. likot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang *adlib*.

Pamantayan:

- | | |
|--------------------|--|
| a. Katapatan – 40% | - pagpapalutang ng diwa – 20%
Pagbibigay- diin sa damdamin – 20% |
| b. Hikayat – 20% | pang-akit sa madla – 5%
pagbibigay-buhay sa tauhan – 5%
tindig – 5%
kumpas/kilos – 5% |
| c. Bigkas – 20% | matatas at maliwanag – 10%
may pagbubukod-bukod ng mga salita – 5%
may wastong diin at intonasyon – 5% |
| d. Tinig – 20% | lakas – 5%
taginting – 5%
kaangkupan ng diwa at damdamin – 10% |

Paalala:

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang *electronic gadgets* sa *holding area* at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa *holding area*.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang bawat kalahok ay magbibigay ng *admission slip* sa *contest administrator* para magiging kwalipikado sa pagsali.
- Isang tagapagsanay lamang ang kasama ng bawat kalahok.
- Itatanghal ang unang limang (5) nanalo bawat kategorya.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.
- **KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**

ISKEDYUL NG MGA GAWAIN

7:00 – 8:00 - REGISTRATION
8:00 – 8:30 – SOLIDARITY MEETING
8:30 – 9:00 – PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN
9:00 – 12:00 – MGA PATIMPALAK (Sabay-sabay)

PAALALA:

1. Ang mga Opisyal ng KAGUFIL at SATAFE na manunumpa sa tungkulin ay dapat nakaganyak FILIPINIANA.
2. Ang mga nagwagi sa bawat kategorya ay itatanghal sa *contest venue* pagkatapos ng patimpalak.

Enclosure # 2

PISTA NG WIKA 2017

SECONDARY WORKING COMMITTEES – CONSOLACION NATIONAL HIGH SCHOOL – AGOSTO 24, 2017

Program and Invitation	Chairman: Sarah Jane Colina Co-Chair: Blesilda Pitogo Members: Consolacion NHS English Teachers
Registration	Chairman: Carmelita Arong C-Chair: Begonia Tecson Members: Selected CNHS-DC Teachers
Contest Venue	Chairman: Gina Semblante Co-Chair: Faith Almirante Members: CNHS-DC Filipino Teachers
Decoration/Sound System	Chairman: Jesusa Luchavez Co-Chair: Leah Flores Members: CNHS-DC MAPEH Teachers
Awards and Certificates	Chairman: Barcelisa Pepito Co-Chair: Jennifer Tunacao Members: CNHS – DC AP Teachers
Food and Reception	Chairman: Anna Zhusette Pintor Co-Chair: Manuelita Arcel Members: CNHS –DC TLE Teachers
Usherettes	Chairman: Jennifer Tunacao Co-Chair: Josephine Dait Members: Pulpogan NHS Filipino Teachers
Secretariat	Chairman: Riza Yatoc Co-Chair: Genalin Oporto Members: CNHS –DC Science Teachers
Clerk of Course	Mrs. Jennifer Corpuz

SECONDARY CONTEST ADMINISTRATORS / FACILITATOR/ FOCAL PERSON

TIMPALAK	CONTEST ADMINISTRATOR	FACILITATOR/ COORDINATOR	FOCAL PERSON
Dalawahang -Tinig	Elisa Escutin Farolito Vestil	Leah Flores	Gina Hoyohoy
Pagsulat ng Islogan	Regie Gonzaga Estrelleta Quiamco	Maribel Villarante	Beverly Malinao
Paggawa ng Poster	Adele Espinosa Cyrus Wenceslao	Noeme Batoctoy	Charlie Roble
Dagliang Talumpati	Jennifer Casas Lorma Almirante	Jasmin Cabahug	Alfonsa Niere
Interpretatibong Pagbasa	Emilia Ibones Aida Melgo	Josephine Dait	Elinor Enerlan